

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Oktubre 22, 2025

MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, nagbigay ng \$5M para gawing electric ang mga school bus para sa espesyal na edukasyon

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Hangin ng Bay Area Air ang \$4,822,770 na pondo sa SAFETRANS Transportation Inc. para mag-deploy ng mga electric na school bus na naglilingkod sa mga mag-aaral ng espesyal na edukasyon sa buong County ng Santa Clara. Susuportahan ng grant ang pagbili ng 14 na zero-emission na bus at 11 charging station, na tutulong na gawing electric ang mga serbisyo ng transportasyon para sa ilan sa mga mag-aaral na pinakanangangailangan ng tulong sa rehiyon.

"Ipinagmamalaki naming suportahan ang SAFETRANS Transportation Inc. para sa dedikasyon nito sa pagbibigay ng malinis na transportasyon," sabi ni Dr. Philip Fine, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Ang investment na ito ay makakatulong na protektahan ang kalusugan ng mga pinakaapektadong bata habang ipinapakita na may kakayahan ang teknolohiyang zero-emission na tugunan ang mga espesyal na pangangailangan sa transportasyon ng ating mga komunidad. Narapat na makalanghap ang bawat bata ng malinis na hangin, lalo na sa kanilang araw-araw na pag-commute papasok ng paaralan."

Ang SAFETRANS Transportation Inc., na nakakuha ng maraming kontrata para magbigay ng mga serbisyo ng transportasyon para sa espesyal na edukasyon sa 10 distrito ng paaralan at dalawang negosyo sa buong County ng Santa Clara, ay nag-apply para sa pondo ng Distrito ng Hangin para matiyak na malinis at hindi nakakasama sa kalusugan ang transportasyon para sa mga mag-aaral na pinaglilingkuran nito. Sa mga bagong electric bus, mapapalitan ang mga mas lumang sasakyang diesel, at mababawasan ang mapaminsalang polusyon sa hangin at ang mga emisyon ng greenhouse gas habang nagbibigay ng mas tahimik at mas kumportableng biyahe para sa mga mag-aaral sa espesyal na edukasyon na madalas ay mahaba ang biyahe papasok ng at pauwi mula sa paaralan.

Ang prioridad ng programa sa pagpopondo ng Distrito ng Hangin ay ang mga proyektong nakakabawas ng mga emisyon sa mga komunidad na pinakaapektado ng polusyon sa hangin. Ang mga serbisyo ng transportasyon para sa espesyal na edukasyon ay kadalasang nag-o-operate sa mga residensyal na lugar at school zone kung saan makakabuti kaagad sa kalusugan ng mga bata at pamilya ang pagbabawas sa emisyon ng diesel.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa grant at mga programang insentibo ng Distrito ng Hangin ng Bay Area, bisitahin ang baqmd.gov/grants.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensya na responsable sa pagpoprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Kumonekta sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Facebook](#), [X](#), [Instagram](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Air District Homepage](#) | [News Releases](#)